**MELBOURNE** AIRPORT

Enero 2024

# Pang-komunidad na Pahayagan (Community Newsletter)

Maligayang pagdating sa aming regular na community newsletter upang panatilihin ang iyong kaalaman tungkol sa mga operasyon at proyekto sa Melbourne Airport, mga plano sa runway, mga oportunidad sa paliparan at iba pang kaugnay na mga balita. Tinatanggap namin ang iyong feedback tungkol sa kung ano ang mahalaga sa iyo.

## Napakaraming bilang ng mga internasyonal na pasahero ngayong tag-init

Noong Disyembre, ang Melbourne Airport ang unang Australian capital city airport na nalampasan ang pre-pandemic (bago mag-pandemic) na antas ng bilang ng magagamit na mga upuan (available seats) para sa mga internasyonal na flight. May kabuuang 1.31 milyong internasyonal na upuan ang magagamit sa buong buwan, kumpara sa 1.29 milyong upuan noong Disyembre 2019.

Ang karagdagang kapasidad na ito ay makikita sa mga bagong rekord ng bilang ng mga internasyonal na pasahero sa buong bakasyon sa tag-init (summer holiday), na may mga bilang na tumaas ng 7% sa mga antas ng pre-pandemic.

Ang dagdag na kapasidad na ito ay nagbibigay sa mga manlalakbay ng mas maraming pagpipilian habang tumutulong na pababain ang mga presyo ng pagbiyahe sa eroplano. Tinutulungan din nito ang mga taga-export ng Victoria na nagluluwas ng mahahalaga at kailangang mailuwas kaagad na mga kalakal ng mas mabuting access sa mga pandaigdigang merkado dahil 85% ng ibinibiyaheng internasyonal na kargamento ay nasa cargo hold ng pampasaherong eroplano.



## Kailangan ang mas mahusay na mga bus




Nananawagan ang Melbourne Airport sa Public Transport Victoria na mamuhunan sa mga pagpapabuti sa mga pampublikong bus link ng paliparan, upang mabigyan ang mga pasahero at mga nagtatrabaho sa paliparan ng mas mahusay na koneksyon sa mga kalapit na bayan at suburb. Maliban sa 901 Smart Bus, ang mga kasalukuyang serbisyo ng bus ay late nagsisimula, masyadong maagang gumagarahe, at hindi masyadong madalas magbiyahe. Ang Melbourne Airport ay humihiling sa PTV na pag-isipang i-extend ang biyahe ng 901 Smart Bus mula sa paliparan hanggang sa Sunbury, at ng 902 Smart Bus mula sa Airport West hanggang sa Melbourne Airport. Nanawagan din ang Melbourne Airport ng koneksyon ng bus papuntang Brimbank upang mabigyan ang mga lokal na pasahero ng opsyon sa pampublikong sasakyan at matiyak na ang mga residente ay may access sa daan-daang trabahong available sa paliparan at sa paligid na lugar.

### ENGLISH

Melbourne Airport publishes a regular newsletter to keep you informed of our operations and projects, runway plans and other related news. The airport is an important hub for Australia's international and domestic networks and is currently seeking federal government approval to build a new north-south runway, which will result in changes to flight paths around the city. It is important that we keep you up to date with what is happening and that we continue to hear what is important to you. The newsletters have been translated into a variety of languages.

Please contact us for a translation at **community@melair.com.au** or call us on **03 9297 1597**.

You can also find copies at **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

### عربي

يَنشر مطار ملبورن صحيفة مجتمعية دورياً لتبقيك على اطلاع على أعمالنا ومشاريعنا ومخططات مدرج المطار، وأخبار أخرى متعلقة بتلك المواضيع. يُعتبر المطار مركزاً مهماً لشبكتي الطيران الدولية والمحلية في أستراليا. ويلتمس المطار حالياً موافقة الحكومة الفيدرالية لإنشاء مدرج شمالي-جنوبي جديد، والذي سيؤدي إلى تغيير في مسارات الطائرات في سماء المدينة. من المهم أن نُبقيك على أطلاع دائم بالمستجدات، وأن نبقى على اطلاع عما هو مهم بالنسبة لك أيضاً.
لقد تُرجمت هذه الصحف المجتمعية إلى مجموعة من اللغات.

لطلب نُسخة مُترجمة بلغتك؛ يُرجى الكتابة إلينا على العنوان الإلكتروني: **community@melair.com.au**، أو الاتصال بنا على الرقم **03 9297 1597**.

كما يمكنك العثور على نُسخ من تلك المنشورات على الإنترنت، في موقع **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

### ܐܬܘܪܝܐ

[illegible]

[illegible] **community@melair.com.au** [illegible] **03 9297 1597**

[illegible] **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

### 繁體中文

墨爾本機場定期發佈時事通訊，讓您瞭解我們的運營和工程、跑道計劃和其他相關新聞。該機場是澳大利亞國際和國內網絡重要樞紐，目前正在尋求聯邦政府批准建設一條新的南北向跑道，這將使城市周圍之飛行路線發生變化。讓您知悉現時正在發生的事，並持續瞭解對您而言重要的事，對我們非常重要。時事通訊已被翻譯成多種語言。

如需翻譯版，請寄送電郵至 **community@melair.com.au**，
或致電 **03 9297 1597** 聯繫我們。

您亦可前往**www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**取得文件副本。

### FILIPINO

Regular na naglalabas ng newsletter ang Melbourne Airport para patuloy na ipaalam sa inyo ang mga operasyon at proyekto namin, plano sa runway, at iba pang kaugnay na balita. Mahalagang hub ang airport para sa mga internasyonal at lokal na network ng Australia at kasalukuyang kumukuha ng permit sa gobyerno para magtayo ng hilaga-timog na runway, na makakaapekto sa daan ng mga flight sa lungsod. Mahalaga na patuloy kayong i-update tungkol sa nangyayari at na patuloy naming pakinggan kung ano ang mahalaga sa inyo. Isinasalin ang mga newsletter sa iba't ibang wika.

Makipag-ugnayan sa amin para sa pagsasalin sa **community@melair.com.au** o tawagan kami sa **03 9297 1597**.

May makukuha rin kayong mga kopya sa **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

### ΕΛΛΗΝΙΚΑ

Το Αεροδρόμιο Μελβούρνης δημοσιεύει ένα τακτικό ενημερωτικό δελτίο για να σας κρατά ενημερωμένους για τις δραστηριότητες και τα έργα μας, τα σχέδια του διαδρόμου αεροδρόμιου και άλλες σχετικές ειδήσεις. Το αεροδρόμιο είναι ένας σημαντικός κόμβος για τα διεθνή και εγχώρια αεροπορικά δίκτυα της Αυστραλίας και προς το παρόν ζητά την έγκριση της ομοσπονδιακής κυβέρνησης για την κατασκευή ενός νέου διαδρόμου αεροδρομίου βορρά-νότου, ο οποίος θα έχει ως αποτέλεσμα αλλαγές στις πορείες πτήσης γύρω από την πόλη. Είναι σημαντικό να σας κρατάμε ενημερωμένους για το τι συμβαίνει και να συνεχίζουμε να ακούμε ό,τι είναι σημαντικό για εσάς. Τα ενημερωτικά δελτία έχουν μεταφραστεί σε διάφορες γλώσσες.

Επικοινωνήστε μαζί μας για μετάφραση στο **community@melair.com.au** ή καλέστε μας στο **03 9297 1597**.

Μπορείτε επίσης να βρείτε αντίγραφα στο **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

### हिंदी

आपको हमारे संचालनों और परियोजनाओं, रनवे योजनाओं तथा अन्य संबंधित समाचारों से अवगत कराने के लिए मेलबर्न हवाईअड्डा एक नियमित न्यूज़लेटर प्रकाशित करता है। यह हवाईअड्डा ऑस्ट्रेलिया के अंतरराष्ट्रीय और घरेलू नेटवर्कों के लिए एक महत्वपूर्ण केंद्र है और वर्तमान में एक नया उत्तर-दक्षिण रनवे बनाने के लिए संघीय सरकार की स्वीकृति मांगी जा रही है, जिसके परिणामस्वरूप शहर के इर्द-गिर्द उड़ान पथों में परिवर्तन होगा। जो कुछ हो रहा है, उसके बारे में आपको अपडेट रखना और आपके लिए जो महत्वपूर्ण है, उसके बारे में सुनते रहना हमारे लिए महत्वपूर्ण है। कई अलग-अलग भाषाओं में न्यूज़लेटर का अनुवाद किया गया है।

अनुवाद के लिए कृपया हमसे **community@melair.com.au** पर संपर्क करें या हमें **03 9297 1597** पर कॉल करें।

आपको इसकी प्रतियाँ वेबसाइट **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** पर भी मिल सकती हैं।

### MALTI

Melbourne Airport jippubblika newsletter regolari biex iżżommok infurmat/a dwar l-operazzjonijiet u l-proġetti tagħna, pjanijiet għar-runway u aħbarijiet oħrajn relatati. L-ajruport huwa ċentru importanti għan-networks internazzjonali u domestiċi tal-Awstralja u bħalissa qed jitlob l-approvazzjoni mill-gvern biex jibni runway ġdida Tramuntana-Nofsinhar, li twassal għal bidliet fir-rotot tal-ajruplani madwar il-belt. Huwa importanti li nżommuk aġġornat/a b'dak li qed jiġri u li nkomplu nisimgħu dak li huwa importanti għalik. In-newsletters ġew tradotti f'diversi lingwi.

Jekk jogħġbok ikkuntattjana għal traduzzjoni fuq **community@melair.com.au** jew ċemplilna fuq **03 9297 1597**.

Tista' ssib kopji wkoll fuq **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

### МАКЕДОНСКИ

Аеродромот Мелбурн објавува редовни билтени за да Ве информира за нашите активности и проекти, планови за пистите и други поврзани вести. Аеродромот претставува важен центар за австралиските меѓународни и домашни мрежи и во моментов бара одобрение од федералната влада за изградба на нова писта во правец север-југ, што ќе резултира во промени на воздушните патеки околу градот. Важно е да бидете информирани за она што се случува, како и да продолжиме да слушаме што Ви е важно вам. Билтените се преведени на повеќе јазици.

За соодветен превод, контактирајте со нас на **community@melair.com.au** или јавете ни се на **03 9297 1597**.

Исто така, може да најдете примероци на **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

### ਪੰਜਾਬੀ

ਮੈਲਬੌਰਨ ਹਵਾਈ-ਅੱਡਾ ਇੱਕ ਬਕਾਇਦਾ ਖ਼ਬਰਨਾਮਾ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰ) ਪ੍ਰਕਾਸ਼ਿਤ ਕਰਦਾ ਹੈ ਤਾਂ ਜੋ ਸਾਡੇ ਕੰਮਾਂ-ਕਾਰਾਂ ਅਤੇ ਪ੍ਰੋਜੈਕਟਾਂ, ਰੱਨਵੇਅ ਯੋਜਨਾਵਾਂ ਅਤੇ ਹੋਰ ਸਬੰਧਿਤ ਖ਼ਬਰਾਂ ਬਾਰੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਸੂਚਿਤ ਕਰਨਾ ਰੱਖਿਆ ਜਾ ਸਕੇ। ਹਵਾਈ ਅੱਡਾ ਆਸਟ੍ਰੇਲੀਆ ਦੇ ਅੰਤਰਰਾਸ਼ਟਰੀ ਅਤੇ ਘਰੇਲੂ ਨੈੱਟਵਰਕਾਂ ਲਈ ਇੱਕ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਕੇਂਦਰ ਹੈ ਅਤੇ ਵਰਤਮਾਨ ਸਮੇਂ ਨਵਾਂ ਉੱਤਰ-ਦੱਖਣੀ ਰੱਨਵੇਅ ਬਨਾਉਣ ਲਈ ਕੇਂਦਰੀ ਸਰਕਾਰ ਦੀ ਮਨਜ਼ੂਰੀ ਦੀ ਮੰਗ ਕਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਜਿਸ ਦੇ ਨਤੀਜੇ ਵਜੋਂ ਸ਼ਹਿਰ ਦੇ ਆਲੇ-ਦੁਆਲੇ ਉਡਾਣ ਮਾਰਗਾਂ ਵਿੱਚ ਤਬਦੀਲੀਆਂ ਹੋਣਗੀਆਂ। ਇਹ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹੈ ਕਿ ਜੋ ਕੁਝ ਵੀ ਵਾਪਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਉਸ ਬਾਰੇ ਅਸੀਂ ਤੁਹਾਨੂੰ ਤਾਜ਼ਾ ਜਾਣਕਾਰੀ ਦਿੰਦੇ ਰਹੀਏ ਅਤੇ ਇਹ ਕਿ ਅਸੀਂ ਉਹਨਾਂ ਚੀਜ਼ਾਂ ਨੂੰ ਸੁਣਨਾ ਜਾਰੀ ਰੱਖੀਏ ਜੋ ਤੁਹਾਡੇ ਵਾਸਤੇ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹਨ। ਖ਼ਬਰਨਾਮਿਆਂ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰਾਂ) ਦਾ ਕਈ ਭਾਸ਼ਾਵਾਂ ਵਿੱਚ ਅਨੁਵਾਦ ਕੀਤਾ ਜਾਂਦਾ ਹੈ।

**community@melair.com.au** 'ਤੇ ਅਨੁਵਾਦ ਵਾਸਤੇ ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਸਾਡੇ
ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਫਿਰ **03 9297 1597** 'ਤੇ ਸਾਨੂੰ ਫ਼ੋਨ ਕਰੋ।

ਨਕਲਾਂ ਤੁਸੀਂ **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** 'ਤੇ ਵੀ ਵੇਖ ਸਕਦੇ ਹੋ।

### TÜRKÇE

Melbourne Airport, operasyonlarımız ve projelerimiz, pist planlarımız ve diğer ilgili haberlerimiz hakkında sizi bilgilendirmek için düzenli bir bülten yayınlar. Havaalanı, Avustralya'nın uluslararası ve yerel ağları için önemli bir merkezdir ve şu anda yeni bir kuzey-güney pisti inşa etmek için federal hükümetten onay almaya çalışmaktadır ve bu da şehir çevresindeki uçuş yollarında değişikliklere neden olacaktır. Sizi olup bitenlerden haberdar etmemiz ve sizin için neyin önemli olduğunu öğrenmeye devam etmemiz bizim için önemlidir. Bültenler çeşitli dillere çevrilmiştir.

Bir dilde çeviri için lütfen bizimle **community@melair.com.au** adresinden iletişime geçin veya **03 9297 1597** numaralı telefondan bizi arayın.

Bültenin kopyalarını **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** adresinden de temin edebilirsiniz.

### TIẾNG VIỆT

Sân bay Melbourne xuất bản một bản tin thường xuyên để thông báo cho quý vị về các hoạt động và dự án, kế hoạch về đường băng và các tin tức liên quan khác. Sân bay là một trung tâm quan trọng cho các mạng lưới quốc tế và nội địa của Úc và hiện đang xin chính phủ liên bang phê duyệt để xây dựng một đường băng bắc-nam mới, điều này sẽ dẫn đến những thay đổi đối với các đường bay xung quanh thành phố. Điều quan trọng là chúng tôi cập nhật cho quý vị những gì đang xảy ra và chúng tôi tiếp tục lắng nghe những gì quan trọng đối với quý vị. Các bản tin đã được dịch sang nhiều ngôn ngữ khác nhau.

Vui lòng liên hệ với chúng tôi để nhận bản dịch tại **community@melair.com.au** hoặc gọi cho chúng tôi theo số **03 9297 1597**.

Quý vị cũng có thể tìm thấy các bản sao của bản tin tại **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

Scan the QR code to visit the Melbourne Airport Translation Hub

**Sumali sa usapan**
my.melbourneairport.com

**Kontak**
sa Telepono: (03) 9297 1597
Email: newrunway@melair.com.au

## Sumusuporta sa magandang hinaharap ng airport rail link (link ng tren at paliparan)

Malugod na tinatanggap ng Melbourne Airport ang kumpirmasyon ng pangako ng pederal na pamahalaan na itayo ang pinakahihintay na airport rail link. Sinusuportahan ng Melbourne Airport ang rail link dahil ito ay magbibigay sa mga pasahero ng mas maraming pagpipilian at mas mahusay na access mula sa buong Melbourne at partikular na ang lumalaking mga western suburb.

Ang Melbourne Airport ay patuloy na nagsusulong para sa isang underground station (istasyon sa ilalim ng lupa) upang matiyak ang magandang hinaharap ng linya ng tren at paligid ng terminal. Kung ang linya ng tren ay pahahabain sa labas ng paliparan, dapat itong itayo sa ilalim ng lupa, dahil imposible ang pagtatayo sa ibabaw ng mga runway.

Ang desisyon ng gobyerno na ihinto pansamantala ang proyekto noong nakaraang taon ay nagbigay-daan sa Melbourne Airport na bumuo ng konsepto ng underground station (istasyon sa ilalim ng lupa) na mas mura ang presyo kaysa sa elevated station (istasyon na mas mataas sa lupa) na opsyon ng estado

Inaasahan namin ang pakikipagtulungan sa pamahalaan ng estado para bumuo ng panukalang ito upang matiyak ang pamumuhunan sa imprastraktura na susuporta sa mga taga-Victoria sa mga darating na dekada.



## Pangatlong Runway na Major Development Plan ng Melbourne Airport

Sinuri ng Melbourne Airport ang feedback ng komunidad sa ikatlong panukalang runway nito at nagsumite ng draft ng Major Development Plan sa Federal Government para maaprubahan noong Pebrero 2023. Alinsunod sa kasalukuyang Master Plan, plano ng paliparan na magtayo ng bagong runway na 3,000 metro ang haba na 1.3 kilometro sa kanluran at kahanay ng umiiral na north-south runway. Ang bagong runway ay mahalaga upang matiyak na ang Melbourne Airport ay may sapat na kapasidad upang maserbisyuhan ang paglago ng Victoria.

Ang bagong runway ay mangangailangan ng mga bagong flight path (landas ng paglipad), na magbabago sa paraan ng paglipad ng mga sasakyang panghimpapawid sa palibot ng Melbourne. Ang mga iminungkahing operating mode ay makikita sa interactive flight path at noise tool sa www.melbourneairport.com.au/runway

| Draft ng Major Development Plan para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport na isinumite sa Ministro | Pangministrong desisyon sa draft ng Major Development Plan para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport | Detalyadong disenyo para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport at plano para sa pagtatayo | Magsisimula ang pagtatayo ng ikatlong runway | Ang bagong north-south runway ay ginagamit na |
|---|---|---|---|---|
| **Pebrero 2023** | **Inaasahan sa first quarter (unang tatlong buwan) ng 2024** | **Magsisimula sa gitnang 2024** | **mula 2025** | **2030** |

*ang timeline ay depende sa mga pag-apruba

## Naisip mo na ba ang pagkakaroon ng karera sa aviation?

Ang Melbourne Airport ay dumaranas ng malaking demand sa muling paglalakbay ng mga pasahero sa eroplano, gayundin ang mga paliparan at mga airline sa buong mundo. Ang demand na ito ay lumilikha ng maraming iba't-ibang oportunidad para sa pagtatrabaho sa buong paliparan. I-scan ang QR code para sa listahan ng mga kasalukuyang bakanteng trabaho sa Melbourne Airport at paligid nito.



### Mga bilang ng pasahero para sa Disyembre 2023

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)
**3,086,049** ↑ 17% kumpara noong Disyembre 2022

Domestic na mga pasahero
**2,048,911** ↑ 10% kumpara noong Disyembre 2022

Internasyonal na mga pasahero
**1,037,138** ↑ 35% kumpara noong Disyembre 2022

### Bilang ng mga pasahero para sa Hulyo hanggang Disyembre 2023

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)
**17,714,304** ↑ 18% kumpara noong Hulyo-Disyembre 2022

Domestic na mga pasahero
**12,239,171** ↑ 8% kumpara noong Hulyo-Disyembre 2022

Internasyonal na mga pasahero
**5,475,133** ↑ 47% kumpara noong Hulyo-Disyembre 2022

## Paparating na mga pangkomunidad na mga pop up

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o gusto mong mas marami pang malaman tungkol sa Melbourne Airport, halina't kilalanin ang pangkat sa mga sumusunod na kaganapan:

- **Linggo ika-21 ng Enero 2024 - 10am-5pm**
  Midsumma Festival, Alexandra Gardens
- **Linggo ika-28 ng Enero 2024 - 12pm-8pm**
  Sunshine Lunar New Year Festival, Hampshire Road, Sunshine
- **Linggo ika-18 ng Pebrero 2024 - 11am-4pm**
  Laverton Festival, Curlew Community Park, 5 Epsom Street, Laverton
- **Sabado ika-2 ng Marso 2004 - ikukumpirma pa ang mga detalye**
  Craigieburn Festival, Craigieburn Anzac Park, Corner Aitken Blvd and, Central Park Ave, Craigieburn
- **Sabado ika-9 ng Marso 2004 - 12.30pm-5pm**
  Keilor Historial Society, Harrick's Cottage Open Day, 152 Harricks Road, Keilor Park
- **Sabado ika-20 ng Abril 2004 - 9am-1pm**
  Yarraville Village Farmers Market, Yarraville

## Bukas na ang Naarm Way

Ang mga manlalakbay na gumagamit ng Tullamarine Freeway ay mayroon na ngayong direktang link papunta sa Terminal 4 na paradahan ng kotse at mga pampublikong pick-up zone, kasunod ng pagbubukas ng Stage 1 ng proyektong mga elevated road (mga daan na mas mataas sa lupa) ng Melbourne Airport. Kilala bilang Naarm Way, ang bagong kalsada ay nagbibigay ng intersection-free na paglalakbay mula sa freeway patungo sa ground transport hub. Malapit nang simulan ng Melbourne Airport ang pagtatayo ng Stage 2, na magkokonekta sa bagong kalsada sa Terminal 123 carpark at magbibigay ng pinalawak na pick-up at drop-off zone.



## Nagsisimula na ang pakikipagtuwang sa Victoria University

Ang mga trabaho at internship ng mag-aaral kasama ang mga makabuluhang proyekto sa pananaliksik ang layunin ng pakikipagtuwang ng Melbourne Airport sa Victoria University.

Sa kauna-unahang pakikipagtuwang sa isang pamantasan para sa paliparan, ang mga mag-aaral mula sa west ay magkakaroon ng pagkakataong mag-ambag sa isa sa mga pinakamalaking nagtutulak sa ekonomiya sa estado.

Ang tatlong-taong Memorandum of Understanding ay naglalayon din na pagyamanin ang karanasan ng isang bisita sa paliparan sa pamamagitan ng isang framework ng First Nations Education, gayundin ang paggalugad ng mga programa sa pananaliksik at STEM sa bagong Tech school development na iminungkahi para sa Brimbank.

## Kauna-unahan sa mundo para sa mga paliparan

Ang Melbourne Airport ay nagpakilala ng isang organics waste stream na gumagamit ng mga insekto upang ubusin at iproseso ang mga pampasaherong pagkain — kauna-unahan para sa anumang paliparan sa mundo!

Mahigit sa 40 sa mga restoran, cafe at lounge ng paliparan ang gumagamit ng sistema, upang bawasan ang dami ng basurang mapupunta sa landfill.

Ang mga insekto ay kumakain ng itinatapong pagkain ng mga manlalakbay sa loob ng 12-araw na siklo ng pagpapakain upang makagawa ng mayaman sa sustansiyang frass at protina na ginagamit bilang mga feed ng hayop at aquaculture, at pataba sa lupa. Sa average, mahigit 2,000 kilo ng mga itinatapong pagkain at sapal ng kape mula sa terminal ang napupunta sa processing unit bawat linggo.